

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-40 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN
NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 08 NOBYEMBRE 2000,
9.15 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG

Present:

Vice Mayor Gonzalo C. Sifiel, Jr.
Konsehal Jesus S. Dela Cruz
Konsehal Cesar T. Daticos
Konsehal Ramil O. Dimapilis
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.
Konsehal Eduardo K. Soriano
Konsehal Juan C. Advinculo
Konsehal Angeles D. Bautista
Konsehal Mae Arlene M. Talens
Konsehal Eduardo G. Villamin
Konsehal Randy P. Valencia

- Tagapangulo

- Pangulo, Liga ng mga Barangay
- Pangulo, Liga ng Sangguniang
Kabataan

Hindi Nakadto : NONE

KAPASYAHAN BLG. 115
Taong 2000

KAPASYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA BAYER
PHILIPPINES, INC. NG MGA PESTISIDYONG GAGAMITIN SA
MALAWAKANG KAMPANYA SA PAGPUKSA NG MGA DAGA
SA BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO.

- SAPAGKA'T** ang Roxas, Silangang Mindoro ay isang bayang agrikultural kung saan ang pangunahing pinagkakakitaan ng mga mamamayan ay ang pagsasaka ng palay, mais at iba't ibang uri ng gulayin;
- SAPAGKA'T** sa kabila ng makabagong teknolohiya sa pagtatanim na ginagamit ng mga magsasaka dumaranas pa rin sila ng pagkalugi sanhi ng paninira ng mga daga sa mga palayan at mga pananim;
- SAPAGKA'T** noong ika-11 ng Oktubre ay tumanggap ang Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ng isang sulat-kahilingan mula sa iba't ibang samahan ng magsasaka, NGOs, Cooperatives at POs kung saan ay hiniling nilang magkaroon ng isang malawakang kampanya laban sa mga mapanirang daga na pangungunahan ng Municipal Agricultural Office ng bayang ito;
- SAPAGKA'T** sa isang pagpupulong na ginanap noong ika-10 ng Nobyembre 2000 na dinaluhan ng mga Farmers Associations, NGOs, POs, Cooperatives at mga Punong Barangay napagkasunduang magsagawa ng isang malawakang kampanya laban sa mga daga sa unang linggo ng Disyembre, 2000.

SAPAGKAT sa malawakang kampanyang ito ay kinakailangan ang mga pestisidyong pamuksa sa mga daga upang mailigtas ang mga pananim sa lubuagang pagkasira at maisalba ang pinagkukunan ng kabuhayan ng mga mamamayan.

SAPAGKAT napagkaisahang ang mga pestisidyong ito ay hilingin sa BAYER Philippines, Inc. na isa sa mga ahensyang makatutulong nang malaki para sa kompanyang ito laban sa mga daga.

DAHIL DITO sa mungkahi nina Konsehal Eduardo G. Villamin at Konsehal Juan S. Advincula na sinang-ayunan ng lahat -


IPINASYA tulad ng pagpapasyang ito na mapitagang humiling sa BAYER Philippines, Inc. ng mga pestisidyong gagamitin sa malawakang kampanya sa pagpuksa ng mga daga sa Roxas, Silangang Mindoro.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa BAYER Philippines, Inc., Canlubang Industrial Estate, Calamba, Laguna para sa kanilang maagap na pag-aksyon sa kahilingnag ito.


IPINASYA PA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito si G. Nicodemus G. Suarez, Municipal Agricultural Officer ng Roxas, Silangang Mindoro para sa kanyang kaalaman at kinakailangang aksyon.

PINAGTIDAY ng lahat : 08 Nobyembre 2000

PINATUTUNAYANG WASTO:


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian


PINATITIBAYAN:


GONZALO C. SINEL, JR.
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:


JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan

merz/

received by: 
Amelita D. Liwanang
C.P.T. Bayan

11/27/00